



Ang Paglilinis sa Santuario

Leksyon 16

1. Nagturo si Pablo ng anong tatlong mga paksa na may kinalaman sa pananampalataya kay Kristo?

Gawa 24:24, 25 _____

2. Mga masasama lang ba ang dapat hukuman?

Eclesiastes 3:17 _____

3. Sino ang dapat humarap sa setrong panghukom ni Kristo?

2 Corinto 5:10 _____

4. Gaano kalapit ang ating mga buhay susuriin?

Eclesiastes 12:14 _____

5. Anong uri ng mga bagay ang mabubunyag sa paghuhukom?

Mateo 12:36 _____

“Sa kaniya na nagaayos ng kaniyang pakikipagusap aking ipakikita ang pagliligtas ng Dios.” Awit 50: 23

6. Saan dapat magpasimula ang paghuhukom?

1 Pedro 4:17 _____

“Bahay ng Dios, na siyang iglesia ng Dios na buhay, at haligi at suhay ng katotohanan.” 1 Timoteo 3: 15

“Sapagka't dumating na ang panahon ng pasimula ng paghuhukom sa bahay ng Dios: at kung mauna sa atin, ano kaya ang wakas ng mga hindi nagsisitalima sa evangelio ng Dios? At kung ang matuwid ay bahagya ng makaliligtas, ang masama at ang makasalanan ay saan kaya magsisiharap?” 1 Pedro 4: 17, 18

“Dahil dito naman siya'y nakapagliligtas na lubos sa mga nagsisilapit sa Dios sa pamamagitan niya, palibhasa'y laging nabubuhay siya upang mamagitan sa kanila.” Hebreo 7: 25

7. Sino sa katunayan ang naghuhukom?

Juan 5:22 _____

8. Sa pagdating ni Jesus, ano ang dadalhin Niyang kasama Niya?

Apocalipsis 22:12 _____

Ang paghuhukom sa lahat ng tumanggap kay Cristo bilang kanilang Tagapagligtas sa katunayan ay magaganap bago Siya dumating. Ito ay inilalarawan sa Mateo 22 sa talinghaga ng kasalan na inihanda ng isang hari para sa kanyang anak na lalaki. Bago magpasimula ang kasalan, sinuri ng hari ang mga bisita upang makita kung silang lahat ay nabibihisan ng damit pangkasal (talatang 11). Pansinin ang paghahambing sa Apocalipsis:

“Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay nahahanda na. At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay; sapagka't ang mahalagang lino ay siyang mga matuwid na gawa ng mga banal.” Apocalipsis 19: 7, 8

Sa talinghaga, ang pagkakaroon ng damit na iyon ang magsasabi kung ang isa ay tatanggapin o itataboy. “Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit.” Mateo 7: 21

“Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit.” Apocalipsis 3: 5

Sila na “na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit” subalit “nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero.” “sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat.” Apocalipsis 3: 4, 7: 14

Ang pagsusuring ito sa ugali ay isinasagawa ni Cristo sa makalangit na santuario. Kapag ang Kanyang pag-sisiyasat ay natapos na, ang hinaharap ng bawat isa ay matatakan na. At kanyang sasabihin:

“Ang liko, ay magpakaliko pa: at ang marumi, ay magpakarumi pa: at ang matuwid, ay magpakatuwid pa: at ang banal, ay magpakabanal pa. Narito, ako'y madaling pumaparito; at ang aking ganting-pala ay nasa akin, upang bigyan ng kagantihan ang bawa't isa ayon sa kaniyang gawa.” Apocalipsis 22: 11, 12

9. Anong pabalita ang dapat ipangaral na may malakas na tinig ngayon?

Apocalipsis 14:7 _____

Si Pablo ay nagsalita sa mga tawag na “paghuhukom na darating” (Gawa 24: 25).

Ang pabalita para ngayon ay “dumating ang panahon ng kaniyang paghatol” (Apocalipsis 14: 7)

Sa pagdating ni Jesus, “hinatulan niya” (Apocalipsis 19: 2)

Ang pag-sisiyasat na paghuhukom na ito, na magtataya sa buhay ng lahat na nagpanggap ng pananampalataya kay Cristo, ay tapos na bago dumating si Jesus. Hindi ito dapat ikalito sa paghuhukom sa masasama ni Cristo at ng mga banal, na magaganap sa loob ng isang libong mga taon; o sa panghuling paghuhukom at pagparusa sa masasama, na magaganap sa katapusan ng 1000 mga taon (tingnan ang leksyon 5).

10. Ano ang dapat mas pahalagahan kaysa pagkakaroon ng kapangyarihan sa masasamang mga espiritu?

Lucas 10:19-20 _____

11. Saan ang mga pangalan ng bayan ng Diyos nakatala?

Filipos 4:3 _____

12. Paano itinala ng Diyos ang ating mabubuting mga gawa?

Malakias 3:16 _____

13. Ano pang iba ang natandaan sa harap ng Diyos?

Jeremias 2:22 _____

14. Saan isinulat ng Diyos ang pagsasalarawan ng bawat isa?

Awit 139:16 _____

Lahat ng bagay na ating ginagawa ay nakatala sa mga aklat ng Diyos. Ilan sa mga direkta o ipinahihiwatig na mga sanggunian sa mga makalangit na aklat ng talaan ay kabilang ang Nehemias 13: 14; Job 16: 19; Awit 56: 8; Hebreo 12: 23; Apocalipsis 13: 8; 17: 8; 21: 27; at 22: 19.

15. Sa paghuhukom, ano ang mga nakabukas?

Daniel 7:9-10 _____

16. Ano ang mga aklat na ginamit para sa paghuhukom?”

Apocalipsis 20:12 _____

17. Kung ang mga aklat ng talaan ay nagpapakita na ang isa ay bumalik sa kasalanan, ano ang kanyang magiging wakas?

Ezekiel 18:24 _____

18. Ano ang gagawin sa kanyang pangalan?

Exodo 32:33 _____

“Mapawi sila sa aklat ng buhay, at huwag masulat na kasama ng matuwid.” Awit 69: 28

19. Sa katapusan, ano ang mangyayari sa kanya?

Apocalipsis 20:15 _____

20. Ano ang nangyari sa pangitain ni Daniel sa paghuhukom?

Daniel 7:13 _____

Ang pagkilos na ito ni Cristo ay hindi naglalarawan sa Kanyang pagdating dito sa lupa, subalit sa “Matanda sa Araw”. Ang parehong eksena ang isinalarawan ni propeta Malakias. Pansinin ang tanong na itinanong at ang kasagutan:

“Saan nandoon ang Dios ng kahatulan. Narito, aking sinusugo ang aking sugo, at siya'y maghahanda, ng daan sa harap ko: at ang Panginoon na inyong hinahanap, ay biglang paroroon sa kaniyang templo.” Malakias 2: 17 – 3: 1

Ang Apocalipsis 10 ay naglalarawan ng mapait na pagkabigo ng mga umasang si Jesus ay darating noong 1844 (tingnan ang leksyon 15). Nang hindi Siya dumating, ang kanilang katanungan ay, “Saan nandoon ang Dios ng kahatulan? Ang sagot ng Biblia ay “Ang Panginoon na inyong hinahanap, ay biglang paroroon sa kaniyang templo.” Si Jesus ay lumipat noong 1844 sa kabanal-banalang dako ng makalangit na santuario upang pasimulan ang gawin ng pagsusuring paghuhuko, ang Kanyang panghuling gawain bago dumating sa daigdig upang tanggapin ang Kanyang asawa.

Mula sa Daniel 8: 19 ating natutunan na ang santuario ay lilininis “sa takdang panahon”. Sa pagbibigay ng komento roon, sinabi ni Pablo, “Sapagka't siya'y nagtakda ng isang araw na kaniyang ipaghuhukom sa sanglibutan.” Gawa 17: 31. Ang panahong itinakda para sa paghuhukom ay ang katuparan ng 2300 mga araw.

21. Ano ang gawain ng Panginoon sa panahong ito?

Malakias 3:3 _____

22. Ano ang gagawin Niya sa mga pangalan ng mga nakapanagumpay?

Apocalipsis 3:5 _____

23. Ano ang tatanggalin mula sa kanilang talaan?

Gawa 3:19 _____

24. Sa lumang taunang paglilingkod, saan dinadala ng buhay na kambing ang mga kasalanan, na pirmihan ng tinatanggal sila mula sa santuario?

Levitico 16:21 _____

25. Kapag ang gawain ng paglilinis ng makalangit na santuario ay natapos na, ano ang ibubuhos sa lupa?

Apocalipsis 15:5 - 16:1 _____

“At magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailan man mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon: at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan, bawa't isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat.” Daniel 12: 1

“At mangyayari, na siyang naiwan sa Sion, at siyang nalabi sa Jerusalem, tatawaging banal, sa makatuwid baga'y bawa't nasusulat sa mga nabubuhay sa Jerusalem.” Isaias 4: 3

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

O Nauunawaan kong ang kasalukuyang gawain ni Kristo sa makalangit na santuario ay naglalaman ng pag-susuri sa ating mga buhay.

O Nauunawaan kong ang paghuhukom na ito ay magtatapos bago dumating si Kristo upang dalhin ang Kanyang mga gantimpala.

O Ninanais kong ang kasalanan ay mapanagumpayan sa aking buhay at mabura sa aking tala sa langit.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Paano Ibigay Ang Iyong Puso kay Cristo?*